

# MGA MUNDO NA HINDI MAGTAGPO: ANG KAPANGYARIHAN NG INFLUENCE OPERATIONS NOONG HALALAN 2022 SA PILIPINAS

by Jonathan Corpus Ong, Rossine Fallorina, Jose Mari Lanuza, Ferdinand Sanchez II, Nicole Curato

HARVARD Kennedy School SHORENSTEIN CENTER on Media, Politics and Public Policy | UMASS AMHERST | Internews | Luminate | Reset.

*The views expressed in this white paper are those of the authors and do not necessarily reflect those of Harvard Kennedy School, of Harvard University or of Internews. This paper is published by Internews: www.internews.org and under the Shorentein Center's Open Access Policy: https://shorensteincenter.org/research-publications/open-access-policy/. Papers may be downloaded and shared for personal use.*

Table of Contents


EXECUTIVE SUMMARY 7

Chapter 1:
A MULTIVERSE OF MADNESS? AN INTRODUCTION TO INFLUENCE OPERATIONS IN THE 2022 PRESIDENTIAL ELECTIONS 8

- Our Methods and Principles 10
- What's New in 2022 11
- The Long Game of Disinformation 12
- What's at Stake 13

Chapter 2:
INFLUENCE OPERATIONS IN 2022 14

- Personalities 15
  - Knowledge Influencers 15
  - Senator Satirist 18
  - AFAM Reactors 19

Platforms 21

Partisan Broadcast Media 22

TikTok 24

Practices 26

Brigading 26

Canceling 28

Chapter 3:
DISINFORMATION NARRATIVES IN THE 2022 ELECTIONS 33

Historical Distortions and False Victimhood Claims 34

Electoral Fraud 37

Anti-Fact-Checkers and Disinformation Researchers 39

Misogyny, Homophobia, and Transphobia 41

Chapter 4:
OUR COMMUNITY ENGAGEMENT PLAN 44

# LIST OF BOX TEXTS

Box Text 1. Conceptualizing “Parallel Public Spheres”
Box Text 2. The Mainstreaming of LGBTQs in National Politics
Box Text 3. TotooBa.Info Disinformation Database
Box Text 4. TotooBa.Info Disinformation Reporting Database: Historical Distortions
Box Text 5. TotooBa.Info Disinformation Reporting Database: Electoral Fraud
Box Text 6. TotooBa.Info Disinformation Reporting Database: Attacks against the Media and Fact-Checkers
Box Text 7. Misogyny in Focus during the Campaign Trail

### How to cite this report

Ong, J.C., Fallorina, R., Lanuza, J.M.H., Sanchez, F., and Curato, N. (2022). "Parallel Public Spheres: Influence Operations in the 2022 Philippine Elections". The Media Manipulation Case Book. Internews and Harvard Kennedy School Shorenstein Center. https://mediamanipulation.org/research/unmasking-influence-operations-in-the-philippines

# ABOUT THE AUTHORS

**Jonathan Corpus Ong** is an associate professor of global digital media at the University of Massachusetts at Amherst and a research fellow at the Shorenstein Center of Harvard Kennedy School. He is the author of pioneering ethnographic research in disinformation studies, focused on the social identities, work arrangements, and moral justifications of "paid trolls," published as *Architects of Networked Disinformation* (2018), *Politics and Profit in the Fake News Factory (2020), and Trolls for Sale* (2022). He is a 2022 awardee of the Andrew Carnegie Fellowship.

**Rossine Fallorina** is a graduate student in the Department of Sociology at the University of the Philippines Diliman. He is the managing editor of the *Philippine Sociological Review* and was previously the managing editor of *Television and New Media*. He is a coauthor of *Human Rights in Survival Mode: Rebuilding Trust and Supporting Digital Workers in the Philippines* (2021, Shorenstein Center) and *Understudied Digital Platforms in the Philippines* (2021, Internews).

**Jose Mari Hall Lanuza** is a PhD student and Research Enhancement and Leadership (REAL) fellow studying political communication and disinformation at the University of Massachusetts at Amherst. He is an assistant professor in the University of the Philippines Manila Political Science Program. His work on media systems and disinformation in Southeast Asia was published in the volume *Disinformation in the Global South* (2022, Wiley). His research focuses on disinformation in electoral campaigns, political communication in the Philippines, media systems, and the politics of mass media.

**Ferdinand Sanchez II** is a research assistant at the Centre for Deliberative Democracy and Global Governance at the University of Canberra. He has worked as a project and research assistant for the Philippine Sociological Society and Oxfam Philippines Project *Social Networks for Mutual Aid: Civil Society Responses to Covid-19* (2022).

**Nicole Curato** is a professor of political sociology at the Centre for Deliberative Democracy and Global Governance at the University of Canberra. Her work examines how democratic innovations unfold in the aftermath of tragedies, including disasters, armed conflict, and urban crime. She is the author of *Democracy in a Time of Misery: From Spectacular Tragedy to Deliberative Action* (2019, Oxford University Press) and the editor of the *Journal of Deliberative Democracy*.

**Illustrations**
Illustrations and infographics are designed by acclaimed artist **Tokwa Peñaflorida** (@tokwap on Instagram).

**Translation**
The report was translated to Filipino by Elmer Gatchalian.

# BUOD NG ULAT

Ang ulat na ito ay isang pagsusuri sa influence operations na naganap noong 2022 presidential elections sa Pilipinas. May tatlong bagay na nais patunayan ang ulat na ito:

1. **Ang salitang "influence operations" ay nagbibigay ng isang mas malawak na paglalarawan sa mga personalidad, mga plataporma, at mga praktis na nakatuon sa pag-agaw ng atensyon ng publiko, pagpapakilos sa mga tao, at pag-iimpluwensya sa resulta ng halalan**. Nitong mga nakaraang eleksyon, gamit na gamit ang salitang "disinformation" upang tukuyin ang sinasadyang pagpapakalat ng kaduda-duda o mali-maling impormasyon para sa mga politikal na motibo o interes. Ngunit ang mga taktikang ginamit ngayong 2022 ay tila bago rin at kakaiba, at hindi lang basta-basta matatapatan ng simpleng pagtatama ng impormasyon. Hindi maituturing na ilegal o mapanlinlang ang influence operations pero nagagawa nitong pagsamantalahan ang mga hindi malinaw na regulasyon ukol sa pagpopondo ng mga kampanya, mga patakaran sa mga social media platform, mga kalakaran sa pamamahayag, pati na rin ang mga agam-agam at pagdududa ng mga mamamayan.

2. **Nakasalalay ang tagumpay ng influence operations sa paglawig ng mga epekto ng malawakang disimpormasyon na bumibilang ng mga taon.** Ang mga sinadyang pagmamali sa kasaysayan, gaya ng pagpapabango sa pamilya Marcos, ay ilang taong ding itinanim at pinalago sa kamalayan ng mga Filipino, hanggang sa umani ito ng tagumpay sa nakaraang halalan. Ang ipinakalat na rebisyonismo ukol sa martial law ay nakabuo rin ng isang madramang naratibo na naglalarawan sa mga Marcos bilang mga biktima ng kasaysayan. Mas kumalat at lumakas ang mga kampanyang ito sa iba't ibang mga plataporma sa social media, na sinabayan pa ng mga maka-Marcos na broadcast channel na naging lehitimo at pinondohan ng malaking kapital.

3. **Ang pinakamalalang resulta ng influence operations noong 2022 ay ang pagkabuo ng parallel public spheres o dalawang magkahiwalay na ecosystem ng impormasyon na may di matitibag na mga pananaw sa politikal na panig.** Nabawasan din ang kakayahan ng lehitimong mass media bilang mga tagabantay ng bayan, dahil mas natuon ang atensyon ng mga mamamayan sa mga balita, intriga, at katatawanan na mas nagpapatibay sa kanilang mga politikal na paniniwala. Lumaganap ang pagkakawatak-watak dahil sa matinding labanan sa eleksyon: nagkaroon ng hidwaan ang mga magkakaibigan at magkakapamilya, at tumindi ang mga bangayan at "cancel culture" sa social media.

Bilang konklusyon, may ilang mungkahi rin ang ulat na ito na inaasahang makatutulong sa muling pagbangon at pagsulong ng bayan mula sa matinding pagkakahati-hati na pinagdaanan at patuloy na pinagdaraanan nito.

## Kabanata 1

# ISANG "MULTIVERSE OF MADNESS"? INTRODUKSIYON SA INFLUENCE OPERATIONS NOONG ELEKSYON 2022

Ang presidential elections sa Pilipinas noong 2022 ay hindi lamang isang kontes para sa mga boto, kundi isa ring tagisan sa pagitan ng dalawang magkaibang politikal na realidad.

**Kinitil ng eleksyong ito ang mahalagang papel ng lehitimong media bilang tagabantay ng sentro ng politika at tagapanguna sa mga pambansang diskurso sa pagitan ng mga magkakatunggaling kampo ukol sa mahahalagang isyu.** Noong tumanggi si Presidente Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr. na dumalo sa mga opisyal na debate na inorganisa ng Commission on Elections, naging malinaw na mas ineendorso at pinapaboran niya ang mga news channel, mga tagapagsalitang pro-Marcos, at mga influencer na dating itinuring na maliliit, mga "walang kuwenta", o tagalako ng "fake news." Sa mga nakaraang eleksyon at pangangampanya, naging mahalaga ang pagtatanghal ng mga national event gaya ng mga debate na ipinapalabas nang live sa telebisyon. Matatandaan na sinamantala ni Presidente Rodrigo Duterte ang mga debateng ito para magpasikat. Maging sa mga press conference niya, ipinamalas ni Duterte ang kaniyang pagiging siga na taliwas para sa isang tumatakbong presidente. Samantala, ang daan tungo sa pagkapangulo ni Marcos Jr. ay umiwas sa sentro ng politika. Nang pumayag siyang magpa-interbyu sa mga alternatibong channel at makipag-"collab" sa mga hindi kilala o maging sa mga "cancelled" na micro-celebrities upang pag-usapan ang kaniyang lifestyle at ang pagbabagong-bihis ng kaniyang pamilya, ipinamalas din ni Marcos Jr. ang kakayahan niyang mapagwatak-watak ang diskurso ng sambayanan.

Ang resulta raw nito ay ang tinatawag na "multiverse of madness"—isang metapora na galing sa political scientist na si Julio Teehankee[1] na inilarawan ang paglitaw ng dalawang magkaibang realidad sa politika ng bansa mula sa dalawang hindi matitibag na kampo: ang Uniteam ng mga Marcos at ang Kakampink[2] ng dating bise-presidente at lider ng oposisyon na si Leni Robredo. **Ang metaporang ito—na nagmula sa pamagat ng isang pelikula ng Marvel Studios—ay angkop na paglalarawan din ng kakayahan ng dalawang magkatunggaling kampo na lumikha ng isang mundo at ng iba-ibang naratibo sa tulong ng kani-kanilang network at media-information-fantasy complex.** Ang mga politiko, na nakikipagtulungan sa mga content producer sa broadcast at social media, ay nagagawang lumikha ng mga emosyonal na kuwento ukol sa kanilang pagkatao, na unti-unting sumisira, kung hindi man tuluyang pumapalit, sa mga tunay na kasaysayan na isinulat ng mga akademiko, mga eksperto, at ng mga grupong sibilyan na inilathala naman ng lehitimong media.

1 GMA News Online, "Why Eleksyon 2022 is 'political multiverse of madness.'"
2 Pink ang kulay ng kampanya ng presidential candidate at dating bise-presidente na si Leni Robredo. Ang Kakampink o pink army ay salitang nagmula sa kakampi at pink.

KABANATA 1

Tinatalakay ng ulat na ito ang influence operations na may malaking papel sa paghubog ng usapang pampolitika noong eleksyon at nakatulong sa paglikha ng pagkakahati-hati ng diskurso ng sambayanan. Nais ding bigyang-pansin ng ulat na ito ang masamang epekto ng influence operations sa usaping pampolitika at kung paano nito binubuyo ang mga bangayan ng magkakalabang kampo at mas pinalulubha ang pagkakahati ng sambayanan.

## BOX TEXT 1. Ang konsepto ng "Parallel Public Spheres"

May mahalagang papel ang "public sphere" sa ating buhay bilang isang demokratikong bansa. Ang "public sphere" ay tumutukoy sa espasyo kung saan nagtitipon o nagtatagpo-tagpo ang mga tao upang magpalitan ng mga kuro-kuro, makinig sa ibang opinyon, at sama-samang solusyunan ang mga problema.[3] Kabilang sa mga public sphere sa Pilipinas ay ang social media, mga radio call-in program, mga town hall o usapang bayan, at mga barangay assembly, pati na rin ang araw-araw na usapan tungkol sa politika sa mga opisina, mga paaralan, at mga lugar para sa pagsamba.

Ngunit ano kaya ang mangyayari kung magkaroon ng pagkakahati-hati sa espasyong ito? Ano kaya ang mangyayari kapag hindi na natin kayang pakinggan ang iba na may opinyong salungat sa atin? Ano kaya ang mangyayari kapag ang mga mamamayan ay naging parang mga mandirigma at itinuturing na nilang kaaway na hindi na dapat pakinggan ang sinumang may ibang paniniwala—kabilang na ang mga kaibigan at kamag-anak nila? Ano kaya ang mangyayari kapag nakikipag-usap lamang tayo sa mga komunidad na nakikiayon sa mga pinaniniwalaan natin?

Ang ibinubunga ng sitwasyong ito ay ang "parallel public spheres", o ang pagkakaroon ng mga magkaiba at napakaradikal na information ecosystem na mayroon ding napakatingkad na pagkakaiba sa mga pananaw at paninindigan sa mga isyu, pati na rin sa paggamit ng mga reference at source. Sa Amerika, may sistematikong pagtatala ng pagkakawatak-watak at pagkakahati-hati ng mga information ecosystem. Halimbawa, ang librong *Network Propaganda* ay may matinding kritisismo sa far-right media ecosystem at sa pagpapakalat at pagpapalakas nito ng mga conspiracy theory at mga naratibong itinuturing na hindi kapani-paniwala ng lehitimong media.[4]

Sa Pilipinas, ang phenomenon na ito ay bago pa at nag-uumpisa pa lamang. Ayon sa tradisyon, ang broadcast news media ang nagsisilbing "tagabantay ng bayan" sa isang demokratikong bansa[5], habang naglalayon din itong turuan ang "masa."[6] Samantala, karaniwang mas ginagampanan ng media ang papel nito bilang tagapagtaguyod ng isang panig o kampo sa mga rehiyon o probinsya na pinaghaharian ng mayayaman na may kakayahang magbayad ng mga media producer na magpapalawig sa kanilang mga interes at magpapatibay ng kanilang relasyon sa mga lokal na komunidad bilang tumatayo rin silang mga patron nito.

Noong 2022, mas nadagdagan, mas lumaganap, at mas naging lehitimo ang mga brodkaster na lantaran ang pagpanig sa isang kampo. Sinamantala nila ang tumitinding pagkadismaya ng publiko sa lehitimong media,[7] na mas pinag-alab pa ng sunod-sunod na panggigipit at sabay-sabay na pag-atake sa mga ahensyang ito. Naging suwabe ang mga channel na ito sa kanilang pagrerekrut sa mga karismatikong social media influencer na kinontrata nila bilang talk show host at eksperto, kaya naman napunta sa sentro o mainstream ang media content na dati'y itinuturing ng lehitimong media na "fringe" o nasa gilid lamang.

3 Habermas, *The Structural Transformation of the Public Sphere.*
4 Benkler, Faris, and Roberts, *Network Propaganda.*
5 While on paper Philippine broadcast news has leaned towards being public watchdogs, this role has not always been upheld in practice. Close ties between media oligarchs and political elites have sometimes led to a minimization of this role for commercial and political security.
6 Ong, "The Television of Intervention."
7 Chua, "Philippines."

# Ang Aming Mga Paraan at Prinsipyo

Ginamit namin sa ulat na ito ang salitang **"influence operations" upang tukuyin ang klase ng komunikasyon na may istratehiya at nakatuon sa pag-agaw ng atensyon,[8] pagpapakilos sa mga mamamayan,[9] at pag-iimpluwensya sa resulta ng eleksyon.**

Sa aming palagay, mas angkop ang salitang "influence operations," kaysa sa mas gamit na gamit na salitang "disinformation," sa paglalarawan ng naging takbo ng nakaraang halalan sa Pilipinas. Para sa amin, **may limitasyon ang salitang "disinformation" dahil tumutukoy lamang ito sa pagtatama ng mga maling impormasyon na inilalako ng mga online influencer. Mas malawak ang sakop ng "influence operations"[10] dahil nasasapul nito ang mga istratehiya sa kampanya** na maaaring hindi ilegal o mapanlinlang ngunit may kakayahan pa ring pagsamantalahan ang mga hindi pa malinaw na regulasyon ukol sa pagpopondo ng mga kampanya, mga patakaran sa mga social media platform, at mga kalakaran sa pamamahayag, pati na rin ang mga nakatagong agam-agam at pagdududa ng mga mamamayan.[11]

Ipinagpapatuloy rin ng ulat na ito ang ilang taong pagsasaliksik namin ukol sa digital disinformation, matapos naming suriin ang mga istratehiyang pang-kampanya at mga naratibo ng disimpormasyon na kumalat sa social media noong Eleksyon 2016 at 2019 sa Pilipinas, na inilathala namin bilang *Architects of Networked Disinformation* at *Tracking Digital Disinformation* in the 2019 Philippine Elections. Mula Disyembre 2021 hanggang Mayo 2022, inorganisa namin ang isang team na binubuo ng iba't ibang institusyon upang masubaybayan ang mga nagaganap na kumbersasyon ukol sa politika, ang mga istratehiya sa kampanya, at ang mga naratibo ng disimpormasyon na lumalaganap sa mainstream at social media channels.

Gumamit ang aming team ng iba't ibang pamamaraan gaya ng (1) qualitative online observation at (2) pag-iinterbyu sa mga campaign strategist, mga digital influencer, at mga election monitor. Inirekord din namin ang mga trending hashtag ng bawat linggo, mga headline sa mainstream media, at sabayang paggalaw ng mga kahina-hinalang account sa social media. Dahil na rin sa aming mga koneksyon, nagawa naming makapanayam para sa ulat na ito ang mahahalagang impormante mula sa industriya ng political consultancy at public relations, at may mga bago rin kaming nakilala mula sa aming mga pampublikong outreach activity.

Pinili rin naming huwag nang isiwalat ang tunay na pagkatao ng aming mga nakapanayam para sa ulat na ito, alinsunod na rin sa aming pinanghahawakang prinsipyo ukol sa mga panganib ng etnograpikong pagsasaliksik at dahil na rin sa patuloy na panggigipit sa aming mga kasamahang akademiko sa sosyolohiya, kasaysayan, at communication studies.[12] **Hindi namin layunin na pangalanan at ipahiya ang mga pribadong mamamayan, bagkus ay nais naming punahin ang mga sistemang politikal at teknikal na nagbibigay ng kapangyarihan at nagpapabuya pa sa di makatarungang digital campaigning.**

Ginagamit din ng aming pagsusuri ang mga pangunahing prinsipyo ng critical disinformation studies: **(1) ang social media ay makapangyarihang tagahubog ng mga kumbersasyon ngunit wala itong kakayahang pag-isahin o baguhin ang mga pag-iisip.** Nagsisilbi ang social media bilang larangan na pinagmumulan ng mga naratibo at pinagtitipunan ng mga tagasunod, pero walang kakayahan ang mga digital campaign pati na rin ang troll operation

8 Marwick and Lewis, "Media Manipulation and Disinformation Online."
9 Wanless, "What's Working and What Isn't."
10 This is a similar argument advanced by Alicia Wanless who leads the Partnership for Countering Influence Operations. We resonate with this coalition's emphasis on building transparency mechanisms and creating resilience against (authoritarian) state capture of the tech regulation space.
11 Curato, *Democracy in a Time of Misery*.
12 Mendoza, "Cyberlibel complaints vs Rappler."

para tiyakin ang resulta ng eleksyon;[13] **(2) Hindi bobotante ang mga Filipino.** Bagkus, nag-iisip sila at may pagkatuso rin. Hindi lang sila basta tumutugon sa mga naratibong nalalaman nila. Nakikipag-usap sila, nagbibigay ng sarili nilang interpretasyon, at nagdadagdag sa mga naratibong nakakalap nila;[14] (3) **Ang paglaban sa disimpormasyon ay hindi lamang simpleng pagpapatigil sa isang platform o bot-busting. Higit na mahalaga ang pagpapanagot sa mga punong arkitekto ng disimpormasyon at paglalantad sa mga sistemang politikal at pang-ekonomiya, sa loob man o labas ng bansa, na nagbibigay-daan upang lalo pang lumaganap ang disimpormasyon.**[15]

> Ang social media ay makapangyarihang tagahubog ng mga kumbersasyon ngunit wala itong kakayahang pag-isahin o baguhin ang mga pag-iisip. Nagsisilbi ang social media bilang larangan na pinagmumulan ng mga naratibo at pinagtitipunan ng mga tagasunod, pero walang kakayahan ang mga digital campaign pati na rin ang troll operation para tiyakin ang resulta ng eleksyon.

## Ano ang Bago sa 2022

Ang influence operations ngayong 2022 ay malayo at ibang-iba na sa mga uri ng disimpormasyon na lumabas noong 2016 at 2019. Anim na taon na ang nakararaan mula nang sinubaybayan namin ang pagdami ng mga impostor website at mga walang modong vlogger, pati na rin ang pagdalas ng sabayang pagkilos ng mga troll. Tatlong taon naman ang nakararaan mula nang mapansin namin ang pagsikat ng mga micro- at nano-influencer na hindi na sakop ng mga regulasyon ukol sa pagpopondo ng mga kampanya, at may kakayahang makapanghimok ng iba-ibang grupo at online communities.

Ngayong 2022, **nakita namin ang pagpapatuloy ng mga naunang trend, pero naging mas sopistikado na ngayon ang influence operations at nagkaroon na rin ng iba-ibang hanay, kaya't nakabuo rin sila at nakapagpanatili ng iba-ibang klase ng realidad sa politika.**

Nabuo at nagkatotoo ang pro-Marcos political reality dahil **binuhusan ito ng napakaraming pondo, at nagkaroon ito ng isang media-information-fantasy complex na may kakayahang gumawa ng iba-ibang content.** Ang madramang naratibo na naglalarawan sa pamilya Marcos bilang mga "tunay na biktima" ng mga liberal elite ng EDSA Revolution, na dati lamang kumalat bilang mga Twitter meme, ay naging mainstream dahil sa mga broadcast channel na nagpalaganap nito at dahil na rin sa mga mala-pelikulang video na ginastusan kaya't mas naging de kalidad, mas marami ang naabot, at mas naging lehitimo. Pinuntirya rin ng napakaraming digital content ang iba-ibang grupo na gumagamit ng social media, mula sa mga konserbatibong lolo sa Facebook hanggang sa mga kabataan sa TikTok, pati na rin ang mga queer na mahilig sa Sandro Marcos fanfiction. Naobserbahan din namin ang unti-unting pagbabago ng content na inilalabas ng mga tagasuporta ng mga Marcos. Mula sa mga meme na umaatake sa mga eksperto at nagtatanim ng pagdududa sa mga tunay na pangyayari sa kasaysayan, nakagawa sila ng mas kapani-paniwala at mas buong kuwento na nagpalubog sa dating mas namamayani na naratibo ng EDSA.

13 Ong, "The World Should Be Worried About a Dictator's Son's Apparent Win in the Philippines."
14 Curato, "Politics of Anxiety, Politics of Hope."
15 Ong, "Southeast Asia's Disinformation Crisis."

> Hindi bobotante ang mga Filipino. Bagkus, nag-iisip sila at may pagkatuso rin. Hindi lang sila basta tumutugon sa mga naratibong nalalaman nila. Nakikipag-usap sila, nagbibigay ng sarili nilang interpretasyon, at nagdadagdag sa mga naratibong nakakalap nila.

Samantala, lumitaw rin ang isang alternatibong realidad sa politika na binubuo ng mga taga-oposisyon, mga investigative journalist, at mga fact checker, na naging aktibo sa paglalantad ng network ng disimpormasyon na pinatatakbo ng mga tagakampanya ng mga Marcos. Pero bagama't marami rin at makasaysayan ang mga nagawa ng mga Kakampink upang mas makalahok ang iba at maging inklusibo ang kanilang kampanya, nagkaroon din ng pagtanggi sa katotohanan mula sa kanilang kampo. Naging trending ang hashtag na "False Asia" tuwing maglalabas ng polling data ang Pulse Asia—isang mapagkakatiwalaang survey firm—na hindi pumapabor kay Robredo. Siniraan din ng ilang tagasuporta ni Robredo ang presidente ng Pulse Asia na si Ronald Holmes, at may ilan pa sa kanila ang nagmungkahi na magsagawa ng lifestyle check kay Holmes na isang propesor sa unibersidad.[16] Naging tahasan naman ang iba pang tagasuporta ni Robredo sa pagsasabing ang mga boboto kay Marcos ay na-brainswash ng social media propaganda at "wala sa kanilang huwisyo." **Sa aming palagay, ang mga ganitong pahayag ay nakababawas sa pagkatao ng mga botante at nagpapakita sa kanila bilang mga mamamayan na walang kakayahang mag-isip at gumawa ng mga desisyon ukol sa politika, kaya't hindi na sila dapat pansinin o pag-aksayahan pa ng panahon. Sinamantala naman ng mga populistang lider ang mga pahayag na ito na ipinagdiinan nila sa kanilang mga tagasuporta kaya't mas napaniwala ang mga ito sa populistang naratibo na ang mga journalist, fact-checker, at akademiko ay magkakakutsaba, hindi maka-masa, at tila mga pulis na kinokontrol ang kanilang pag-iisip.**

## Ang Mahabang Laro ng Disimpormasyon

Pinatunayan ng eleksyong ito na **mahaba-habang panahon pa ang itatakbo ng influence operations sa bansa at pangmatagalan din ang mga epekto nito.** Ang pagbabagong-bihis ng pamilya Marcos mula sa pagiging mga tagapagpatupad ng korap na diktadurya hanggang sa maging mga kaawa-awang biktima ay binigyang-daan ng mga lifestyle magazine at mga fashion brand endorsement, at mas pinalakas pa sa social media sa iba't ibang cycle ng eleksyon at sa pagdaraos ng iba't ibang memorial event para sa mga Marcos.[17] Dahan-dahang nabuo ang naratibo ng pagiging biktima ng pamilya Marcos at naging kapani-paniwala ito dahil sa mga nakaraang kampanya na nakatuon sa paninira sa mga lider ng Liberal Party at sa paglalarawan sa kanila bilang mga matapobreng elite.

Ayon sa Architects of Networked Disinformation, nagkaroon ng coordinated hashtag boosting ng #IlibingNa nang mag-tweet ang iba-ibang anonymous Twitter account tungkol sa pagpapalibing ng mga labi ni Marcos Sr. sa Libingan ng mga Bayani noong 2016.[18] Noong 2022, naging epektibong instrumento ng mga Marcos ang mga kinomisyon nilang video at photo na naglabasan sa social media at naglunsad ng mga

16 https://twitter.com/GemoraAudie/status/1504256190699958272
17 Salazar, "Marcos leads presidential race."
18 Ong and Cabañes, *Architects of Networked Disinformation.*

meme war[19] sa Twitter, mga reaction video sa YouTube, at mga musical duet video sa TikTok.

**Kinasangkapan ng mga Marcos ang social media para lalo pa nilang maparami at gawing mas aktibo ang kanilang mga tagasuporta, habang pinagkakakitaan din nila ang sarili nilang content.** Malaki rin ang kinita ng mga Marcos content producer dahil sa maraming views at online engagement, paid Google ads, at mga endorsement na hindi biro ang halaga. Nakisakay din pati ang mga banyagang YouTuber na gumawa ng sarili nilang mga Marcos fan video dahil siguradong papanoorin ito ng mga masigasig na tagasuporta ng mga Marcos.

# Ano Ang Nakasalalay Dito

Ang tanong: Ano nga ba ang nakasalalay sa lahat ng ito? Habang sinusubaybayan namin ang patuloy na pagkakahati ng public sphere sa Pilipinas sa dalawang magkahiwalay na media-information ecosystem na may kani-kaniyang mga journalist, mga eksperto, at mga influencer, **ano ang mangyayari sa kapasidad natin na mag-usap bilang isang bayan? Paano tayo susulong sa kabila ng ating mga pagtatalo at pagkakaiba-iba ng opinyon?**

Natuklasan namin na ang sumisibol na influence operations ngayong 2022 ay naging instrumento para mas lalong mabuo ang mga politikal na pagkatao natin at mas lalong magtagisan ang ating mga paniniwala. Sa ganitong sitwasyon, nagkakaroon ng pagpihit ang kultura ng politika sa ating bansa na matagal nang nagtataglay ng

> Ang paglaban sa disimpormasyon ay hindi lamang simpleng pagpapatigil sa isang platform o bot-busting. Higit na mahalaga ang pagpapanagot sa mga punong arkitekto ng disimpormasyon at paglalantad sa mga sistemang politikal at pang-ekonomiya, sa loob man o labas ng bansa, na nagbibigay-daan upang lalo pang lumaganap ang disimpormasyon.

mahihinang partido at magkakasalungat ngunit hilaw na mga ideolohiya. Nakita natin sa nakaraang eleksyon kung ano ang mangyayari kapag napilitang mamili sa dalawang panig ang mga mamamayan, kapag ang pakikilahok natin sa politika ay pinagkakakitaan at naging kapital, imbes na bigyan ng seryosong pagtingin, at kapag itinuring natin ang politika bilang isang giyera kung saan ang matitibay lamang ang matitira.

Halos walang nagaganap na pag-uusap sa pagitan ng dalawang kampo. Nagkaroon ng matinding hidwaan sa mga pami-pamilya, at dumami ang nag-“unfriend.” Samantala, patuloy ang “bardagulan” sa social media, ang “cancel culture,” at ang pangha-harass sa ilang indibidwal. Sa mga darating na taon, **ang pinakamalaking hamon sa ating lahat ay kung paano mabubuo muli ang mga espasyo natin para sa mas mahinahon at mas makabuluhang pag-uusap.**

19 Donovan, Dreyfuss, and Friedberg, *Meme Wars*.

# INFLUENCE OPERATIONS SA ELEKSYON 2022

## MGA PERSONALIDAD



### Knowledge Influencers

***Sino sila:*** Mga eksperto na maaaring may credentials o mga nagpapanggap na eksperto na naglalako ng mga analysis na kumakampi sa isang partido at may kaduda-dudang data interpretation

***Pambihirang kakayahan:*** Totoo man o hindi ang sinasabi nila, ang kanilang "ekspertong" opinyon ay mas nagpapatibay sa mga paniniwala ng kanilang mga tagasunod, at hindi tunay na mapanuri

***Platform:*** Broadcast media, mahahabang Twitter threads, Facebook posts



### Senator Satirist

***Sino siya:*** Isang tagapaglingkod ng bayan na ginamit ang kaniyang opisyal na social media page para pagtawanan at hamakin ang mga kalaban ng kaniyang pamilya

***Pambihirang kakayahan:*** Amateur actress ang senador na ito at real-talk tita na mahilig magpatutsada ang dating pero ayaw sa fact-checking

***Platform:*** YouTube, Facebook



### AFAM Reactors

***Sino sila:*** Mga guwapo o magandang foreigner na nagre-react sa Pinoy political content

***Pambihirang kakayahan:*** English-speaking at may kakayahang gawing magaan ang mabibigat na usaping politikal habang kumikita ng dolyares sa pamamagitan ng YouTube ads

***Platform:*** YouTube reaction videos

## MGA PLATFORM



### Partisan Broadcast Media

***Ano ito:*** Pinoy national media na naging ala-Fox News

***Pambihirang kakayahan:*** Dumami ang news media sa bansa at naging samu't sari, kaya't mas tumindi ang pagkakahati ng mga kampo at lumikha ng dalawang magkaibang realidad sa politika




### TikTok

***Ano ito:*** Ang pangatlong pinakamalaking social media platform sa bansa na naging isang lugar ng labanan at nagamit bilang lunsaran ng mga mensaheng politikal na tinatarget ang kabataan

***Pambihirang kakayahan:*** Nakaaaliw at hindi madaling mahulaan ang algorithm nito kaya madaling magpa-viral dito

## MGA GAWAIN



### Brigading

***Ano ito:*** Mala-video game na bot-busting at troll hunting sa pamamagitan ng mass reporting na ginagawa ng digital mob

***Pambihirang kakayahan:*** Pagpapa-block sa mga kalaban sa social media na nagbibigay ng mala-videogame na kasiyahan pero hindi natutukoy ang mga ugat ng problema

***Platform:*** Group chats, Twitter



### Canceling

***Ano ito:*** Digital mob na humihingi ng accountability pero madalas na nauuwi sa pagpapahiya at diskriminasyon

***Pambihirang kakayahan:*** Dahil sa mindset na "winner-takes-all," nagiging parang laro ang politika para sa digital mob na ginigiyera ang kanilang mga kaaway sa pamamagitan ng pangangampanya para mapalayas ang mga ito sa social media o masisante sa trabaho

***Platform:*** Twitter, Facebook groups, group chats


16

## Kabanata 4

# ANG AMING MGA PLANO PARA MAKISALI ANG KOMUNIDAD

Sa kasalukuyang konteksto ng parallel public spheres, hindi maiiwasang mahaluan ng politika ang paglaban sa disimpormasyon. Nagtagumpay ang mga bagong partisan media channel at knowledge influencer sa pagtatanim ng duda sa mga nakasanayang pamamaraan ng mga institusyong liberal gaya ng social scientific research, historical narration, at fact-checking. Kaya't kapag sumakay ang sinumang politiko sa "anti-fake news" bandwagon at nagpahayag sila ng mga simpleng solusyon para sa isang masalimuot na krisis na kinakaharap ng ating demokrasya, nagagamit tuloy ang salitang "disinformation" para sa kahit na anong bagay na hindi sinasang-ayunan ng sinumang nasa kapangyarihan. Ang ganitong kondisyon ay nagbibigay-daan para sa mga oportunistang politiko at ekonomista, at ang paggawa ng mga batas at mga paraan para labanan ang "fake news" ay nagagamit ding dahilan para malagay sa panganib ang privacy, free speech, at mga talakayan ukol sa politika[57].

> **Sa mga ganitong nakalilitong pangyayari, nais naming bigyang-diin ang kahalagahan ng pagkakaroon ng mapanuring perspektibo ukol sa disimpormasyon at mga pag-aaral sa digital literacy sa Pilipinas.**

Sa mga ganitong nakalilitong pangyayari, nais naming bigyang-diin ang kahalagahan ng pagkakaroon ng mapanuring perspektibo ukol sa disimpormasyon at mga pag-aaral sa digital literacy sa Pilipinas. Nangangahulugan ito ng pag-aalerto sa mga mamamayan ukol sa mga pinagandang naratibo ng disimpormasyon at sa mga istratehiya ng pagrerekrut para sa kumikitang kabuhayan ng disimpormasyon. Nangangahulugan din ito ng pagbibigay ng kapangyarihan sa mga mamamayan upang magamit nila ang kanilang sigasig at pagkamalikhain tungo sa makabuluhang pakikisangkot na mas tutok at may istratehiya, at hindi nagpapalalim ng pagkakahati-hati sa lipunan. Hindi kami sumasang-ayon sa uri ng disinformation advocacy na isinisisi ang krisis sa disimpormasyon sa "brainwashing" na ginagawa ng makabagong media sa mahihirap na botante at sa mga bayarang trolls, imbes na papanagutin ang mga political elite at mga pinunong arkitekto ng disimpormasyon. Hindi rin kami naniniwala sa pagbibigay ng kapangyarihan sa ilang mga tao—gaya ng mga mambabatas at pulis—para gumawa ng mga desisyon ukol sa mga bagay na nakaaapekto sa nakararami. Gaya ng nabanggit namin sa mga naunang kabanata, ang mayayaman ang kadalasang mas may lakas ng loob na magpanggap na mga biktima ng disimpormasyon. Ginagawa nila ito hindi upang solusyunan ang mga di pagkakapantay-pantay sa lipunan kundi para lamang protektahan ang kanilang poder.

Kaugnay ng mga isyung ito, nais naming ilatag ang aming Community Engagement Plan o ang aming mga plano para mahimok na makisali ang komunidad sa pagsugpo ng disimpormasyon. Ang aming mga plano ay may taglay na istratehiya at nakabatay sa aming pagkilala sa influence operations hindi bilang isang teknikal o legal na isyu kundi isang problema na may epekto sa lipunan, kultura, at politika ng isang bayan. Naging inspirasyon namin sa pagbuo nito ang ipinamalas na pagkamalikhain at boluntarismo,

57 See also Lim, *Securitize/Counter-Securitize.*

KABANATA 4

lalo na ng mga kabataan, sa nakaraang eleksyon, pati na rin ang pagbabahagi nila ng kanilang talento sa strategic communication, pagsasalin sa iba-ibang lengguwahe, graphic design, pag-oorganisa ng mga komunidad, computational analysis, at pagbibigay ng suportang legal. Naniniwala rin kami na ang pagkalaban sa disimpormasyon ay nangangailangan ng pakikilahok ng isang buong lipunan na bukas sa pagsubok ng mga bagong ideya at pagpapalakas sa mga bagong tinig at pananaw.

Inilalatag namin ang Community Engagement Plan na ito bilang panimula para sa mas makabuluhang pagtutulungan at pakikialam. Pinananabikan namin ang pakikipag-ugnayan sa iba't ibang sektor upang maisalin ang aming mga kritikal na pagsasaliksik at gawin itong accessible na mga materyal para sa edukasyon, mga adbokasiyang legal, pagbuo ng mga bago at malikhaing naratibo na panlaban sa nagkalat na disimpormasyon, paglikha at pagpapalawak ng mga espasyo para sa mga talakayan, at pagbuo ng mga mekanismo na magbibigay ng proteksyon sa mga whistleblower.

Magbibigay rin kami ng Community Engagement Fund bilang isang malikhaing eksperimento at seryosong pagsuporta sa mga community organization at mahuhusay na indibidwal na magpapatupad ng alinman sa aming mga rekomendasyon. Naghahanap din kami ng mga project proposal na magsusulong sa aming Community Engagement Plan, at nakahanda kaming magbigay ng startup fund na US$1,500 sa limang Community Engagement Partners na magpapahayag ng kanilang interes sa proyektong ito.

## 1 Tungo sa Pagbabago ng Naratibo ng Disimpormasyon

Ang mga proyekto para sa digital literacy ay dapat magbigay ng kapangyarihan sa mga mamamayan, sa halip na magpalawig pa ng mga sentimyentong hindi maka-masa. Mahilig ang popular journalism at mga fact-checker ng disimpormasyon na magbigay ng mga sadya at hindi sinasadyang pahayag na lalong nagpapalalim sa pagkakahati ng mga uri. Ang "mga hindi nakapag-aral" o iyong mga gumagamit ng mumurahing cellphone o iyong may Facebook Free Basics lang ang madalas na napagbibintangang nagkakalat ng disimpormasyon at walang tiwala sa mga liberal na institusyon. **Kailangan nating baguhin ang naratibong ito dahil lalo nitong pinalalakas ang paniniwala ng mga populista ukol sa mga "elitistang liberal" at nabibigyan din sila ng dagdag na bala para sa giyera sa impormasyon.**

Bahagi ng aming desisyon na gamitin ang mas malawak na terminong "influence operations" kaysa "disinformation" ang layunin din naming mas lumawak pa ang sakop upang makasali ang iba-ibang grupo na makatutulong sa pagsugpo ng disimpormasyon na hindi lamang limitado sa nakasanayang fact-checking.

Dapat na maging mas proactive sa halip na reactive ang mga kampanya kontra disimpormasyon para hindi magmukhang "minamata" nito ang mga mamamayan. Halimbawa, may isang bagong research tungkol sa kahalagahan ng mga "prebunking video" na ang layunin ay bigyan ng kaalaman ang mga manonood tungkol sa iba-ibang istilo, tunog, at anyo ng mga kampanya para sa mali-maling impormasyon.[59] Ang ganitong proactive na pamamaraan ay naglalayong imulat

58 See also Donovan et al., *Mitigating Medical Disinformation*.
59 DiResta and Goldberg, "'Prebunking' Health Misinformation Tropes Can Stop Their Spread."

ang mga manonood, sa halip na pangalanan at hiyain ang mga indibidwal na nagpapakalat ng mali-maling impormasyon pati na rin ang mga botanteng hindi nakapagtapos ng pag-aaral.

## 2 Open-Access Masterclass Ukol sa Disinformation and Digital Ethics

**Naghahanap kami ng mga makakatulong sa paglikha ng open-access course na nakatutok sa sama-samang pagkatuto tungkol sa disimpormasyon, gayundin sa paglikha ng mga istratehiya na magtataguyod sa digital literacy ng mga Filipino.** Nakikita namin ito bilang isang portal na naglalaman ng mga talakayan ng mga researcher at investigative journalist, mga video explainer, mga podcast, mga interactive quiz, mga moderated public forum, at mga link sa open-access research publications. Bilang pagtugon din sa nag-uumapaw na interes ng publiko sa disinformation studies at political communication research nitong mga nagdaang eleksyon, kailangang pagtuunan ng pansin ng mga akademiko ang pagpili sa mga babasahing research at pagsigurong accessible ito sa lahat, gayundin ang pakikipagtulungan sa mga guro sa elementarya at high school na nagtuturo ng mga pangunahing kaalaman ukol sa digital literacy.

Naging inspirasyon para sa amin ang mga volunteer na nakatulong namin sa pagsasalin sa iba-ibang lengguwahe ng aming mga akademikong pag-aaral. Subalit alam din naming kailangan ng mga akademiko na magkaroon ng istratehiya at maging proactive sa pagkomisyon ng mga magsasalin ng kanilang mga gawa upang masiguro na maaabot nito ang mas marami at samu't saring grupo.

Sa pagtutok namin sa disimpormasyon mula sa mga batayang sosyolohikal, nararapat lamang na ang mga paksa sa aming mga lektyur at ang mga practical exercise na aming ipapagawa ay may direktang kaugnayan sa communication ethics at digital ethics sa panahon ng parallel public spheres. Sa mga pampublikong talakayan na dinaluhan namin, ilan sa mga karaniwang tanong ng kabataan ay may kaugnayan sa paghingi nila ng payo kung paano kakausapin ang mga magulang nila na naniniwala sa fake news, o kung paano nila haharapin ang mga guro nila sa kasaysayan na naghahalo ng propaganda sa kanilang mga lektyur. Ang mga kaagapay namin mula sa mga larangan ng social psychology, philosophy, at development communication ay maaari din naming makatulong sa pagdidisenyo ng mga materyal na pangguro at mga gabay sa mga talakayan upang maging mas makabuluhan at mahinahon ang daloy ng mga ito. Ang mga materyal na pangguro ay maaari ding makapaglunsad ng mga debate o ng demokratikong paghahanap ng mga solusyon sa mga problema—mga bagay na maaaring magsilbing gabay para sa mga kabataang lumalaki sa panahon ng parallel public spheres.

## 3 Pagsuporta sa Mga Manggagawa at Whistleblower na Tagapaglantad ng Disinformation-for-Hire

Ang Pilipinas, kasama ang iba pang mga bansa sa global South, ay kinakailangang magkaroon ng mga masusing talakayan ukol sa industriya ng disinformation-for-hire at sa mga manggagawa nito. Kailangan itong mapag-usapan upang mabigyang-linaw kung paano pinagkakakitaan ng mga lokal na kompanya ang "hate campaign" at kung bakit tinatanggap ito bilang isang "open secret" sa industriya.

**Ang unang hakbang ay ang paglikha ng suporta at mga mekanismong magbibigay ng proteksyon sa mga maliit na manggagawa sa industriyang ito sakaling magpasya sila na magsalita at ilantad ang pakikipagsabwatan ng kanilang kompanya sa mga operasyon ng disimpormasyon at iba pang pamamaraan ng influence operations na nakalulusot sa mga regulasyon ukol sa campaign finance o content moderation.** Ang pakikipagtrabaho namin sa PumaPodcast Catch Me If You Can[60] ay isang eksperimento upang gawing normal ang pag-uusap tungkol sa etika sa industriya ng advertising at public relations. Naging lantaran—at naging patago rin—ang dalawang industriyang ito sa pag-iwas sa mga regulasyon ukol sa negosyo ng political campaigning. Dapat makalikha ang mga gumagawa ng batas, mga mamamahayag, at mga akademiko ng mas ligtas na kondisyon para sa mga whistleblower mula sa ibaba at itaas na hanay ng mga kompanya upang mas mahikayat silang lumantad at ikuwento ang kanilang mga karanasan sa kampanya, at upang magkaroon din ng tunay na dayalogo ang publiko ukol sa kung paano pinagkakakitaan ang mga political campaign.




Ang ikalawang hakbang ay ang paglikha ng ugnayan sa pagitan ng mga lokal na inisyatiba na nagbibigay-linaw sa disinformation-for-hire at ng mga kaugnay na adbokasiya sa iba't ibang bahagi ng mundo. Kailangan ding bigyan ng pansin ang supply chain transparency sa mga digital industry upang magkaroon din ng linaw ang ilang mga hindi matiyak na regulasyon ukol sa international outsourcing.[61] Nais din

60 https://www.pumapodcast.com/podcasts/catch-me-if-you-can
61 See Coca, "Technology is failing to create transparent supply chains."

naming makipag-ugnayan sa mga eksperto sa loob at labas ng bansa na nakatutok sa pagpapanagot sa ad tech, tulad ng ginagawa ng Check My Ads[62] na naglantad sa mga tagong istruktura ng monetisasyon na pinagsasamantalahan ng mga social media influencer at ipinagkikibit-balikat naman ng mga pribadong korporasyon.

## 4 South-to-South Learning Spaces

Ang mga disinformation advocacy sa Pilipinas ay madalas na sumusunod sa mga Euro-American frames of platform at technological determinism na madalas na sinisisi ang Facebook, Russian operations, o Cambridge Analytica sa kanilang pag-iimpluwensya sa mga botanteng hindi raw nag-iisip. Halos kapareho ito ng mga diskurso ukol sa electoral hijacking na naganap noong 2016 sa eleksyon sa United States at United Kingdom. **Iminumungkahi namin ang pagsusulong sa "Southern" frames na nakasentro sa global South at sa kanilang mga karanasan sa censorship ng media, mga pag-atake sa karapatang pantao, at ang lumalakas na ekonomiya ng disinformation-for-hire.** Sa halip na tutukan ang Global North-to-Global South policy sa disinformation space, inirerekomenda namin na mga Filipinong tagapagsaliksik at civil society na ang bumuo at lumahok sa mas maraming South-to-South learning spaces na naglalapit sa atin sa mga kapanalig natin sa Brazil, India, Thailand, Nigeria, at iba pa. Halimbawa, nakikipagpalitan kami ng mga kaalaman ukol sa election monitoring gamit ang DigitalLabour portal, na pinapatakbo ng mga kasamahan namin mula sa Brazil: https://digilabour.com.br/2022/10/18/south-to-south-learning-spaces-vs-disinformation/. **Inaanyayahan namin ang aming mga kaagapay na magpasa ng mga artikulo na maaari naming itampok sa portal na ito upang magkaroon ng mga bagong talakayan at pananaw sa iba-ibang lokal na istruktura ng fake news, at upang matukoy rin ang mga hamon sa pag-oorganisa ng mga aktibista sa Global South.**

## 5 Strategic Policy Advocacy

Ang strategic policy advocacy ay may kaugnayan sa paglikha ng mga istratehiya na nakatuon sa mga lokal na mambabatas at sa mga koalisyon ng mga eksperto na may pagpapahalaga sa platform transparency at accountability.

**Una, ipagpapatuloy namin ang pagmomonitor sa kung paano binubuo ng mga kongresista ang kanilang mga argumento kapag nakikipagdebate sila ukol sa pagbibigay-katwiran sa pagbalangkas ng mga batas laban sa fake news.** Mahalagang mapakinggan natin kung paano ginagamit ng mga mambabatas ang mga sarili nilang karanasan ukol sa pagiging "cancelled" o kapag nakararanas sila ng ilang oras na mass reporting, at tingnan ang kaugnayan at epekto ng mga karanasang ito sa mga batas na nililikha nila. Batay sa sarili naming karanasan, may mga pagkakataong iba, kung hindi man mali, ang pagtingin ng mga mambabatas sa mga isinusulong na patakaran na naglalayong i-regulate ang social media content. Kailangan ng mga matitiyagang tagapagsaliksik ng suporta at gabay ng mga eksperto sa batas at mga lobby group upang masigurong

62 https://vt.tiktok.com/ZSRsk6so8/

ang mga critical research ay hindi nagagamit para sa isang maka-partidong agenda. Inirerekomenda namin ang mga inisyatibang pang-coalition building na may kakayahang mapagsama-sama ang pamahalaang pambansa at lokal, mga guro ng batas, mga election lobby group, at matitiyagang tagasaliksik para sa nilalayong strategic policy advocacy na magsusulong sa mga regulasyon sa media na nakasentro sa mga karanasan hindi ng mga politikong makapangyarihan, kundi ng mga komunidad na pinagkaitan ng access o oportunidad. Para mangyari ito, hinihikayat namin ang mga ahensyang tagapondo na mas pasiglahin ang kolaborasyon, kaysa ang kompetisyon, para sa pagsasagawa ng malalaking proyekto. Sa aming mga nakaraang pagsasaliksik, natuklasan namin na ang pagtatrabaho ng iba-ibang grupo na may iisang pakay ngunit walang komunikasyon sa isa't isa ang nagiging hadlang upang magkaroon ng isang buong-lipunan na adbokasiya.

**Pangalawa, kailangan natin ng mga koalisyon na tutulong sa mga social media platform sa kanilang pagbaybay sa marahas na mundo ng media regulation. Ngayon pa lang, karamihan sa mga platform na ito ay tinatawag nang "biased" dahil sa pagsuporta nila sa mga lokal na fact-checker at media partner.** Kailangan nating mapaghandaan ang pagkilos ng mga gobyernong kontra-liberal gaya ng Nigeria at India na isinusulong ang censorship at pagharang sa mga platform bilang paraan nila upang makontrol ang mga kumbersasyon sa social media. Isang malaking hamon din kung paano poprotektahan ang mga lokal na organisasyon na tumatanggap ng tulong mula sa mga banyagang pilantropo para sa kanilang mga proyektong nagtataguyod ng demokrasya. Kailangang mabalanse ng strategic policy advocacy na ito ang mga prinsipyo ng transparency at ang kakayahang maging flexible at bukas sa pakikipag-ugnayan sa mga pribadong platform.

## 6 Pagpapakita ng Ating Mga Pagpapahalaga

Ang mga researcher, journalist, at advocate ay may mahalagang papel sa pagpapanumbalik ng tiwala natin sa publiko. Sa halip na gamitin natin ang ating mga credential para maigiit ang ating mga paninindigan, ang dapat na maipabatid natin ay ang ating mga pagpapahalaga, mga pamamaraan, at mga proseso. Ang mga ordinaryong Filipino ay may kakayahang makipag-deliberasyon at nararapat lamang na maipaliwanag sa kanila kung bakit dapat silang magtiwala sa ating mga pamamaraan, hindi sa ating mga titulo o mga institusyong kinabibilangan.

**Isang posibleng hakbang na pasulong ang paglikha ng mga propesyunal na organisasyong pang-akademiko ng isang code of conduct na mag-uutos sa kanilang mga miyembro na ideklara ang kanilang trabaho bilang consultant ng mga politiko, lobby group, at iba pang organisasyon sa tuwing may hihiling sa kanila ng komentaryo o pahayag sa isang isyu.** Ginawang normal ng mga blog na gaya ng The Conversation[62] na naglalayong itaguyod ang transparency sa mga akademiko at knowledge influencer.

62 https://theconversation.com/global

## 7 Community Engagement Fund: Makipagtulungan Sa Amin!

Naghahanap ang aming research team ng mga grupo o indibidwal na magsusulong ng alinman sa mga mungkahing inilatag namin dito at makalilikha rin ng mga bagong pamamaraan sa ilalim ng aming suporta at pamamatnubay.

Naghahanap kami ng limang Community Engagement Partner na tatanggap ng $1,500 start-up fund upang maisagawa ang mga sumusunod na proyekto:

- Gawing popular ang mga critical research sa iba-ibang ethnolinguistic at age groups
- Makalikha ng isang whistleblower collective na nagbibigay ng proteksyong legal at mayroong narrative strategy
- Makapagdisenyo ng mga interactive na teaching materials para sa aming open-access "masterclass" website
- Makabuo ng mga gabay sa talakayan na nakatutok sa deliberasyon at nakatutulong upang mabawasan ang pagkakahati-hati o pagkakawatak-watak
- Makagawa ng digital campaign na nagtataguyod sa ethics at transparency sa influencer marketing
- Mapag-aralan ang ad tech sa Pilipinas

Ang deadline ay sa December 1, 2022. Ang mga sasali ay kinakailangang mag-submit ng one-page proposal na naglalaman ng kanilang mga project objective, target audience, mga ouput at media format na gagamitin, at proposed budget. Para sa dagdag na impormasyon at final submission, mag-email sa **communityengagementplan2022@gmail.com**. Bilang mga akademiko at tagapagsaliksik na tutok sa mga komunidad, ikinalulugod naming magbigay ng feedback sa mga preliminaryong proposal. Nakahanda rin kaming maging mentor at tagasuporta sa mga kasamahan at sa kabataan sa panahong ito ng matinding pagkakahati-hati.

# SANGGUNIAN

Aquino, Norman. 2022. “Facebook deletes 400 accounts before elections.” *BusinessWorld*, April 7. https://www.bworldonline.com/the-nation/2022/04/07/440899/meta-removes-facebook-accounts-to-tackle-misinformation-ahead-of-philippines-polls/.

Bajo, Anna Felicia. 2022. “Sara Duterte: LGBT din ako.” *GMA News Online*, March 10. https://www.gmanetwork.com/news/topstories/nation/824605/sara-duterte-lgbt-din-ako/story/.

Benkler, Yochai, Robert Faris, and Hal Roberts. 2018. *Network Propaganda: Manipulation, Disinformation, and Radicalization in American Politics*. Oxford, UK: Oxford University Press.

Coca, N. 2017. “Technology is failing to create transparent supply chains,” *engadget*, July 31. https://www.engadget.com/2017-07-31-technology-supply-chain-transparency.html.

Chua, Yvonne Chua. 2022. “Philippines.” *Reuters Institute*, June 15. https://reutersinstitute.politics.ox.ac.uk/digital-news-report/2022/philippines.

Curato, Nicole. 2016. “Politics of Anxiety, Politics of Hope: Penal Populism and Duterte’s Rise to Power.” *Journal of Current Southeast Asian Affairs* 35 (3): 91–109.

DiResta, Renee and Beth Goldberg. 2021. “’Prebunking’ Health Misinformation Tropes Can Stop Their Spread.” *Wired*, August 28. https://www.wired.com/story/prebunking-health-misinformation-tropes-can-stop-their-spread/

Donovan, Joan, Brian Friedberg, Gabrielle Lim, Nicole Leaver, Jennifer Nilsen, and Emily Dreyfuss. 2021. *Mitigating Medical Misinformation: A Whole-Of-Society Approach to Countering Spam, Scams, and Hoaxes.* https://mediamanipulation.org/research/mitigating-medical-misinformation-whole-society-approach-countering-spam-scams-and-hoaxes.

Donovan, Joan, Emily Dreyfuss, and Brian Friedberg. 2022. *Meme Wars: The Untold Story of the Online Battles Upending Democracy in America*. New York, NY: Bloomsbury.

Ferreira Marques, Clara. 2022. “Marcos Brings Myth-Making to the Silver Screen.” *Bloomberg*, August 28. https://www.bloomberg.com/opinion/articles/2022-08-28/marcos-brings-philippine-myth-making-to-the-silver-screen.

Gertz, Matt. 2022. “Fox News is the Republican Party. Here are over 400 examples proving it.” *Media Matters for America*, May 16. https://www.mediamatters.org/fox-news/fox-news-republican-party-here-are-over-400-examples-proving-it.

Gleicher, Nathaniel. 2021. “Meta’s Adversarial Threat Report.” *Meta*, December 1. https://about.fb.com/news/2021/12/metas-adversarial-threat-report/.

GMA News. 2017. “SONA: Rep. Imelda Marcos, sinabi noon na handa raw niyang ibigay ang bahagi ng yaman nila.” *YouTube*, September 1. https://www.youtube.com/watch?v=ctkMjLw8AGw&t=100s.

GMA News Online. 2022. “Why Eleksyon 2022 is ‘political multiverse of madness’ according to political scientist.” May 6. https://www.gmanetwork.com/news/topstories/nation/830888/why-eleksyon-2022-is-political-multiverse-of-madness-according-to-political-scientist/story/.

Gonzales, Cathrine. 2022. “Robredo is biggest disinformation victim; Marcos gains from ‘misleading’ posts — fact-checker.” *Inquirer.net*, February 2. https://newsinfo.inquirer.net/1548694/robredo-is-biggest-disinformation-victim-marcos-benefits-from-misleading-posts-fact-checker.

Habermas, J. 1992. *The structural transformation of the public sphere*. Oxford, England: Polity Press.

Jhaver, Shagun, Sucheta Goshal, Amy Bruckman, and Eric Gilbert. 2018. "Online Harassment and Content Moderation: The Case of Blocklists." *ACM Transactions on Computer-Human Interaction* 25 (2).

Kemp, Simon. 2022. "Digital 2022: The Philippines." *Data Portal*, February 15. https://datareportal.com/reports/digital-2022-philippines.

Krafft, P.M. and Joan Donovan. 2020. "Disinformation by Design: The Use of Evidence Collages and Platform Filtering in a Media Manipulation Campaign." *Political Communication* 37(2): 194-214.

Lanuza, Jose Mari Hall and Cleve Arguelles. 2022. "Media System Incentives for Disinformation Exploring the Relationships Between Institutional Design and Disinformation Vulnerability." In *Disinformation in the Global South*, edited by Herman Wasserman and Dani Madrid-Morales, 123–139. Hoboken, NJ: Wiley-Blackwell.

Lanuza, Jose Mari Hall, Rossine Fallorina, and Samuel Cabbuag. 2021. *Understudied Digital Platforms in the Philippines. Makati: Internews*. https://internews.org/resource/understudied-digital-platforms-in-the-philippines/.

Legaspi, Zeus. 2022. "FACT CHECK: Gadon wrongfully claims Robredo cheated in 2016 elections." *PressOne.PH*, April 11. https://pressone.ph/fact-check-gadon-wrongfully-claims-robredo-cheated-in-2016-elections/.

Lim, Gabrielle. 2020. *Securitize/Counter-Securitize: The Life and Death of Malaysia's Anti-Fake News Act*. https://datasociety.net/library/securitize-counter-securitize/.

Lopez, Melissa Luy. 2022. "Comelec, Smartmatic deny security breach claim by Imee Marcos." *CNN Philippines*, March 17. https://www.cnnphilippines.com/news/2022/3/17/Comelec-Smartmatic-Imee-Marcos-system-breach.html

Maddox, Jessica. 2021. "Micro-celebrities of information: mapping calibrated expertise and knowledge influencers among social media veterinarians." *Information, Communication and Society*. https://doi.org/10.1080/1369118X.2022.2109980.

Marwick, Alice and Rebecca Lewis. 2017. "Media Manipulation and Disinformation Online," *Data and Society*, May 15. https://datasociety.net/library/media-manipulation-and-disinfo-online/.

Mercado, Neil Arwin. 2022. "Bongbong Marcos: I am the victim of fake news." *Inquirer.net*, March 21. https://newsinfo.inquirer.net/1571290/bongbong-marcos-i-am-the-victim-of-fake-news.

Mendoza, John Eric. 2022. "Cyberlibel complaints vs Rappler, ex-Quiboloy followers scrapped." *Inquirer.net*, April 5. https://newsinfo.inquirer.net/1578797/cyberlibel-complaints-vs-rappler-ex-quiboloy-followers-scrapped.

Ong, Jonathan Corpus. 2015. "Television of Intervention: Mediating Patron-Client Ties in the Philippines." In *Television Histories in Asia*, edited by Jinna Tay and Graeme Turner, 144-163, New York: Routledge.

Ong, Jonathan Corpus. 2022. "Pro-Marcos, Duterte accounts weigh in on Ukraine invasion, praise Putin and Duterte." *PCIJ*, March 4. https://pcij.org/article/7833/pro-marcos-duterte-accounts-ukraine-invasion-putin-duterte.

Ong, Jonathan Corpus. 2022. "The World Should Be Worried About a Dictator's Son's Apparent Win in the Philippines." *Time*, May 10. https://time.com/6174739/bongbong-marcos-election-philippines/.

Ong, Jonathan Corpus and Jason Vincent A. Cabañes. 2018. *Architects of Networked Disinformation: Behind the Scenes of Troll Accounts and Fake News Production in the Philippines*. Amherst, MA: University of Massachusetts Amherst. https://scholarworks.umass.edu/communication_faculty_pubs/74/.

Ong, Jonathan Corpus, Ross Tapsell, Nicole Curato. 2019. T*racking Digital Disinformation in the 2019 Philippine Midterm Election*. New Mandala. https://www.newmandala.org/wp-content/uploads/2019/08/Digital-Disinformation-2019-Midterms.pdf.

Ong, Jonathan Corpus and Samuel Cabbuag. 2022. "Pseudonymous Influencers and Horny Alts in the Philippines: Media Manipulation Beyond 'Fake News.'" *The Journal of Sociotechnical Critique 2*. https://scholarworks.umass.edu/communication_faculty_pubs/132/.

Rappler. 2022. *Patient Zero: A Study on the Philippine Information Ecosystem*. Makati: Internews. https://internews.org/resource/16510/.

Ropero, Gillian. 2022. "Historical revision? Marcos family to show their side of story, says Imee." *ABS-CBN News*, June 1. https://news.abs-cbn.com/news/06/01/22/no-history-revision-just-our-side-of-the-story-imee.

Rozsa, Matthew. 2019. "Philippines strongman Rodrigo Duterte claims he 'cured' himself from being gay." *Salon*, June 5. https://www.salon.com/2019/06/05/philippines-strongman-rodrigo-duterte-claims-he-cured-himself-from-being-gay/.

Salazar, Cherry. 2022. "Marcos leads presidential race amid massive disinformation." *PCIJ*, May 8. https://pcij.org/article/8368/marcos-presidential-elections-massive-disinformation.

Soriano, Cheryll Ruth and Marie Fatima Gaw. 2022. "Broadcasting anti-media populism in the Philippines: YouTube influencers, networked political brokerage, and implications for governance." *Policy Internet*.

Swearingen, Jake. 2018. "Facebook Used the Philippines to Test Free Internet. Then a Dictator Was Elected." *New York Magazine*, September 4. https://nymag.com/intelligencer/2018/09/how-facebooks-free-internet-helped-elect-a-dictator.html.

Terrazola, Vanne Elaine. 2021. "Sen. Marcos questions FB fact-checkers in PH." *Manila Bulletin*, January 21. https://mb.com.ph/2021/01/21/sen-marcos-questions-fb-fact-checkers-in-ph/.

Udupa, Sahana. 2021. *Digital Technology and Extreme Speech: Approaches to Counter Online Hate*. New York: United Nations Peacekeeping.

Vera Files. 2022. "VERA FILES FACT CHECK: Quotes from Robredo, Zelensky on Ukrainian allies NEED CONTEXT." March 2. https://verafiles.org/articles/vera-files-fact-check-quotes-robredo-zelensky-ukrainian-alli.

Wardle, Claire and Hossein Derakhshan. 2018. "Thinking about 'information disorder': formats of misinformation, disinformation, and mal-information" in *Journalism, Fake News and Disinformation: Handbook for Journalism Education and Training*. Edited by Cherilyn Ireton and Julie Posetti. Paris, France: UNESCO.

## About Internews research support

This research project seeks to study new trends in disinformation operations and other digital propaganda in the Philippines. The project is funded by Internews under the Strengthening Disinformation Resilience in the Philippines - Six-Track Engagement Against Disinformation Initiative (STEAD-i).

## Acknowledgments

The authors would like to thank Greg Kehailia, Leanne Lagman, Gian Libot, and Kat Raymundo of Internews for their expert feedback on this report. The project and publication would not have been possible without the Technology and Social Change (TaSC) Project at the Shorenstein Center, the Shorenstein Center administrative staff, the University of Massachusetts at Amherst, Luminate, and Reset.

Copyright © 2022

HARVARD Kennedy School SHORENSTEIN CENTER on Media, Politics and Public Policy | UMASS AMHERST | Internews | Luminate | Reset.